

OPISYAL NA PAHAYAG

Hunyo 17, 2020

Pakikipag-ugnay: Sentro ng Pinagsamang Impormasyon ng Lungsod ng Long Beach, 562.570.NEWS, jic@longbeach.gov

Para sa Agarang Pahayag

Long Beach Mag-aalok ng ‘Recreation Reimagined’ Nagtatampok ng mga Bagong Opsyon sa Kamp ng Mas Mababang Bayad ng Enrolment; COVID-19 Protokol sa Kaligtasan

Long Beach, CA - Ang Long Beach Parks, Recreation at Marine (PRM) na mga programa sa tag-init para sa kabataan at tinedyer sa 2020 ay magtatampok ng lubos na nabawasan na mga bayarin, mas mababang ratio ng mga kawani at kamper at pinahusay na protokol ng kaligtasan.

“Ang programa sa mga parke ng Lungsod ay nagbibigay ng mga kritikal na pagkakataon para sa mga pamilya at kabataan na magkaroon ng pamumuhay na malusog at aktibo ngayong tag-init,” sabi ni Mayor Robert Garcia. “Ang mga kawani ay masigasig na nagtatrabaho upang baguhin ang mga aktibidad upang suportahan ang mga ligtas na programa para sa aming kabataan.”

Ngayong taon, ang PRM ay hihiwalay mula sa tradisyonal na inaalok na programa sa tag-init, na mag-aalok ng dalawang magkakaibang programa: (1) isang libreng, pag-drop-in na programa na nag-aalok ng anim na oras sa isang araw at (2) batay sa bayad, pampakay na mga kamping sa araw na may pangangalaga ng hanggang 12 oras. Sa halip, pagsasamahin ang dalawang programa, dadagdagan ang mga pagkakaroon ng mga programa sa pangangalaga ng bata para sa mga kabataan sa buong lungsod habang pinapababa ang mga bayarin.

Day Camp sa Tag-init Para sa Mga Edad 5-12

Ang mga kamp ng ‘Recreation Reimagined’ ay magaganap sa 22 mga site sa buong lungsod at nag-aalok ng iba’t ibang mga aktibidad sa libangan, pagpapayaman ng edukasyon, at fitness. Ang isang opsyonal na tanghalian, na ibinigay ng Long Beach Unified School District, ay magagamit sa mga kamper nang walang bayad.

Ang mga kamp ay magpapatakbo ng Lunes hanggang Biyernes, 9 a.m. hanggang 4 p.m., mula Hulyo 6 hanggang Agosto 28 sa halagang \$30 bawat linggo (pababa mula sa \$115 bawat linggo). Ang pinalawak na pangangalaga ay magagamit mula 7 a.m. hanggang 9 a.m. at 4 p.m. hanggang 6 p.m. para sa karagdagang \$20 bawat linggo. Ang mga iskolarsip para sa kabataan ay magagamit ng mga pamilya sa Long Beach na

maaaring mangailangan ng tulong sa pagbayad ng lingguhang bayad sa kamp. Para sa impormasyon sa mga iskolarsip, tumawag sa 562.570.3150.

Ang mga residente ng Long Beach ay maaaring magrehistro online sa lbparks.org simula 8 a.m. sa Hunyo 20. Magagamit din ng mga residente ang on-site rehistrasyon mula 8 a.m. ng tanghali sa Hunyo 20 sa Belmont Plaza Pool (4000 Olympic Plaza), King Park Pool (1910 Lemon Avenue), Pan American Park (5157 Centralia Street), at ang PRM Administration Building (2760 Studebaker Road). Pagkatapos nito, ang mga rehistrasyon on-site ay maaari na lamang gawin sa pamamagitan ng appointment sa pagtawag sa 562.570.3150.

Ang mga reshistrasyon para sa mga hindi residente ay magsisimula Hunyo 27. Ang mga hindi residente ay maaaring magrehistro online sa lbparks.org simula 8 a.m. Maaari ring magrehistro on-site ang mga hindi residente sa pamamagitan ng appointment lamang sa pagtawag sa 562.570.3150.

Ang mga protokol sa kaligtasan para sa mga day camp sa tag-init ay kinabibilangan ng:

- Paglimita ng bilang ng mga participante sa bawat araw ng kampo
- Ang patatalaga ng mga kamping bawat linggo sa isang solong grupo nang walang pakikipag-ugnayan sa ibang mga grupo ng kampo
- Pagpapanatili ng isang 12:1 na ratio ng mga participante at kawani na naaangkop sa laki ng sentro ng komunidad
- Ang pagpapatupad ng mga protokol sa pisikal na pagdistansya para sa lahat ng mga aktibidad, kabilang ang pagcheck-in at pagcheck-out
- Paglilinis at pagdidisimplekta ng mga pasilidad ng maraming beses bawat araw
- Paglilinis at pagdidisimplekta ng mga madalas na hinahawakan na mga ibabaw ng madalas
- Pangangailangan sa mga panakip ng mukha para sa mga participante at mga kawani

Inaalok ang mga Day Kamp sa mga sumusunod na lokasyon:

- Admiral Kidd Park (2125 Santa Fe Avenue)
- Bayshore Park (5415 E. Ocean Boulevard)
- Bixby Park (130 Cherry Avenue)
- Cesar Chavez Park (401 Golden Avenue)
- Colorado Lagoon, Model Boat Shop (5059 E. Colorado Street)
- Coolidge Park (352 E. Neece Street)
- Drake Park (951 Maine Avenue)
- El Dorado Park West (2800 N. Studebaker Road)
- Houghton Park (6301 Myrtle Avenue)

- Martin Luther King Jr. Park (1950 Lemon Avenue)
- McBride Park (1550 Martin Luther King Jr. Avenue)
- Orizaba Park (1435 Orizaba Avenue)
- Pan American Park (5157 E. Centralia Street)
- Ramona Park (2760 N. Studebaker Road)
- Seaside Park (440 W. Cowles Street)
- Scherer Park (4600 Long Beach Boulevard)
- Silverado Park (1545 W. 31st Street)
- Somerset Park (1500 E. Carson Street)
- Stearns Champions Park (4520 E. 23rd Street)
- Veterans Park (101 E. 28th Street)
- Wardlow Park (3457 Stanbridge Avenue)
- Whaley Park (5620 E. Atherton Street)

Programa para sa mga Tinedyer na Edad 13-18

Ang isang libreng programa para sa mga tinedyer ay inaalok Lunes hanggang Biyernes mula 11 a.m hanggang 5 p.m Hulyo 6 hanggang Agosto 28. Kasama sa mga aktibidad ang libangan, pagpapayaman sa edukasyon, at fitness. Ipagkakaloob ang mga tanghalian. Walang magaganap na mga field trip. Ang mga participante ay kailangang magrehistro ng maaga sa LBParks.org. Mayroon maximum na 20-participante sa bawat site.

Ang mga protokol sa pisikal na pagdidistansya ay bahagi ng lahat ng mga aktibidad, kabilang ang pagcheck-in at pagcheck-out ng kamper. Lahat ng mga pasilidad at mga madalas na hawakan na mga area ay lilingin at didisimpektahin ng maraming beses bawat araw.

Ang mga programa para sa tinedyer ay magaganap sa Freeman Community Center (1205 Freeman Avenue) at Houghton, McBride at Silverado Park.

Mga Long Beach Jr. Lifeguard

Ang programa ng Long Beach Junior Lifeguard ay magaganap sa isang bagong format ngayong tag-init. Ang programa ng Junior Lifeguard ay tatakbo ng dalawang sesyon bawat araw, mula Hulyo 6 hanggang Agosto 14. Ang mga interesado ay maaaring makahanap ng karagdagang impormasyon at magparehistro sa www.longbeachjgs.com. Ang mga pagbabago sa kaligtasan ay sasamahan ng iba't ibang oras ng pagsisimula at pagbabawas ng mga bilang ng mga participante.

Programming sa 100 na Araw ng Tag-init ay Nakansela ngayong 2020

Batay sa mga malalaking pagtitipon, ang mga aktibidad na hands-on ay nangangailangan ng pagbabahagi ng mga kagamitan at materyales at kawalan ng

kakayahan na mag-implementa ng mga protokol sa pisikal na pagdistanya para sa mga kaganapan na ito, ang mga sumusunod na programming sa 100 na Araw ng Tag-init ay hindi inaalok ngayong tag-init:

- Mga Serye ng Konsyerto ng Munisipal na Banda
- Mga Pelikula sa Parke
- Mga Konsyerto ng Komunidad sa Tag-init
- All-City Beach Day
- Summer Theater ng Musical Theater West
- DanceFest
- Drop-in na mga Programa sa Libangan

Virtual na Programming sa Libangan

Bilang kapalit dati nitong slate ng mga klase sa libangan, nilikha ng PRM ang [Rec It! At Home](#), isang virtual hub ng mga programa edukasyon. Kasama sa mga kategorya ang fitness, sining at kraft, pagbabasa, pag-aaral ng kalikasan, pati na rin ang mga programa ng aktibidad para sa mas nakatatanda at mga pamilya. Ang PRM ay magpapatuloy na magdagdag ng virtual na programa para sa komunidad at titingin ng mga oportunidad upang mag-alok ng mga sikat na virtual na klase ng kontrata.

Patuloy na susuriin ng Lungsod ang anumang gabay na manggagaling sa CDC, pagbubukas ng mga yugto at ang Utos ng Estado at Utos sa Kalusugan ng Lungsod upang matukoy kung ang nakansela na programa ng PRM ay maaring muling maipakilala ng ligtas sa hinaharap na petsa o magbago upang maging virtual na programa.

Bilang karagdagan, ang PRM ay nakikipagtulungan sa ibang kagawaran ng Lungsod upang makilala ang mga oportunidad na makapagbigay ng mga aktibidad sa pag-iwas sa karahasan bilang kapalit ng tradisyonal na Be SAFE programming na base sa kaganapan.

Ang mga parke ay naging isang kritikal na bahagi ng pagbubukas muli ng komunidad at ekonomiya ng Long Beach. Ang mga parke ay nagbibigay ng malusog na mga panlabas na lugar para sa ehersisyo, pagpapabuti ng pangkaisipan kalusugan, pagbawas ng stress, at pagpapabuti ng sikolohikal, emosyonal, at pisikal na kalagayan. Ang mga parke ng aso, trail, landas ng mga beach, paradahan ng mga parke, mga sentro ng tenis at golf course ay ilan sa mga unang pampublikong espasyo na muling binuksan, ng may naaangkop na hakbang sa pisikal na pagdidistansya at kaligtasan upang mapigilan ang pagkalat ng COVID-19.

Para sa pinakabagong impormasyon tungkol sa COVID-19, at mga detalye sa lahat ng ginagawa ng Lungsod Long Beach upang mapanatiling ligtas ang aming mga residente,

bumisita sa: longbeach.gov/COVID19 at sundan ang @LongBeachCity sa Facebook, Twitter at Instagram.

###